KAPANGANAKAN

# Panganganak


## Gaano Katagal Nagtatagal ang Pagle-labour?

Ang pagle-labour ay magkaka-iba para sa bawat tao. Sa karaniwan, maaari itong tumagal ng mula sa mga ilang oras hanggang sa mga ilang araw.

### Ang 4 na yugto ng pagle-labour at panganganak:


**Unang yugto**

Ang iyong serbiks ay lumalambot at numinipis (“pagnipis ng serbiks (effacement)”), at bumubukas (“lumuluwang”). Ang ulo ng iyong sanggol ay lumilipat pababa sa iyong pelvis.




**Pangalawang yugto**

Tutulak ka at ang iyong sanggol ay mailuluwal.



**Ika-3 yugto**

Ang inunan ay lumabas, at maaari mong hawakan ang iyong sanggol ng balat-sa-balat. Maaari siyang sumuso o kuskusin ang iyong suso.



**Ika-4 na yugto**

Sa mga unang ilang oras pagkatapos ng panganganak, maaari mong patuloy na hawakan ang iyong sanggol ng balat-sa-balat - hanggang sa katapusan ng iyong unang pagpapakain o hangga’t gusto mo.

